Advisory No. 127, s. 2017
Hunyo 21, 2017
Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
ang *advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA WIKA AT PANITIKANG KAPAMPANGAN
NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magdaraos ng *Pambansang Kumperensiya sa Wika at Panitikang Kapampangan* na gaganapin mula ika-26 hanggang ika-28 ng Hulyo 2017 sa St. Cecilia Auditorium, Angeles University Foundation-Main, Lungsod Angeles, Pampanga.

Ang layunin ng Kumperensiya ay ang mga sumusunod:

1. maitampok ang wika at panitikang Kapampangan;
2. makatulong sa kasalukuyang paggawa ng *learning materials*; at
3. matalakay ang mga kinakaharap nitong mga isyu at pagbabago bilang mahalagang sandigan sa pagpapaunlad pa lalo ng wika at panitikang Filipino.

Ang apat na sesyon sa Kumperensiya ay ang mga sumusunod:

1. Kasaysayan ng Panitikang Kapampangan;
2. Panitikang Kapampangan at ang Pagbuo ng Panitikang Pambansa;
3. Ang Kontemporaneong Panitikang Kapampangan; at
4. Ang Wikang Kapampangan sa Panahon ng *K to 12* at *Mother Tongue Based–Multilingual Education (MTB–MLE)*.

Ang mga guro mula sa iba't-ibang pampubliko at pampribadong paaralan sa elementarya at sekundarya ay inaanyayahang dumalo sa gawaing ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan alinman sa mga sumusunod:

- Dr. Lucena P. Samson
  Mobile: 0918-684-2754
- Dr. Leonora L. Yambao
  Mobile: 0917-865-1630
  Angeles University Foundation

- Bb. Lourdes Z. Hinampas
  Mobile: 0942-989-2458
- Bb. Einzoely M. Agcaoili
  Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
  2/P, Gusaling Watson, 1610 Kalye Jose P. Laurel
  San Miguel, Maynila 1005
  Telepono: (02) 736-2224-25; (02) 736-5547
  (02) 733-7260; (02) 516-0326
  Mobile: 0935-331-1577
  Email: komfil@kwf.gov.ph
  Website: www.kwf.gov.ph